

## 1. Layunin ng survey

Ang layunin ng survey na ito ay upang mapag-aralan ang katayuan sa trabaho pagkatapos ng pagsasanay, pagbabago ng antas ng trabaho, at paggamit ng teknolohiya, kasanayan at kaalaman na nakuha sa bansang Hapon para sa mga teknikal intern trainee na nakumpleto ang programang pagsasanay sa teknikal na intern at nakabalik na sa kanilang sariling bansa. Paglilinaw ng mga tunay na sitwasyon para sa mga teknikal intern trainee na nakabalik na sa kanilang sariling bansa at nagbibigay ng pangunahing impormasyon para matiyak na naaangkop at maayos na pagpapatakbo ng Technical Intern Training Plan.

## 2. Target ng survey

Mga teknikal intern trainee na nakumpleto ang teknikal na pagsasanay at bumalik (\*o naka-iskedyul na bumalik sa sariling bansa) sa panahon ng September 1, 2021 hanggang December 31, 2021, na ang nasyonalidad ay Chinese, Vietnamese, Indonesian, Filipino at Thai.

\* Mga dating teknikal intern trainee na naka-iskedyul na bumalik, ngunit hindi pa nakakabalik sa sariling bansa dahil sa COVID at nananatili sa Japan sa status of residence bilang "designated activities" (pagkatapos nito ay tutukuyin bilang "mga dating trainee na naka-iskedyul na bumalik sa sariling bansa").

## 3. Paraan ng survey

- 1) Magpapadala ang OTIT ng questionnaire at guidebook kung paano sumagot sa online survey sa sariling wika ng mga trainee sa mga nangangasiwang organisasyon at nagpapatupad ng pagsasanay ng mga individual-enterprise-type training at pakiusapan na ipamahagi ito ayon sa bilang ng mga trainee nila.
- 2) Sasagutin sa online at ibabalik ito sa OTIT survey office mula sa kanilang bansa sa pamamagitan ng koreo o sumagot sa pamamagitan ng online.
- 3) Ang questionnaire ay isang anonymous basis at multiple choice style na may kasamang espasyo para sa free text.


## 4. Bilang ng wastong tugon at rate ng pagtugon

Bilang ng target ng survey	Bilang ng mga tumugon	Rate ng pagtugon
27,046	7,930 (kabilang na ang mga tumugon na 4,544 na katao na "hindi pa nakakabalik sa sariling bansa")	29.3%

# Breakdown ng mga trainee na tumugon


## Kasarian ng mga tumugon

Ang mga lalaki ay nasa 57.2%, at ang babae ay 42.3%




## Edad ng mga tumugon

62.8% ang sinasakop ng mga trainee na 30 yrs. old pababa.



## Trabaho ng mga teknikal intern


Dumarami ang mga trabaho ukol sa Makinarya (28.4%), At iba pa (20.4%), at Konstruksyon (16.2%).



# Epekto mula sa technical intern training

## Epekto mula sa technical intern training


89.0% sa mga sumagot ay nagsasabi na ang natutunan nila sa panahon ng technical intern training period ay “kapakipakinabang”..



## Mga detalyeng kapakipakinabang

\* Sa FY2021, ang “ mga dating trainee na naka-iskedyul na bumalik sa sariling bansa” ay hindi kabilang sa data.

Sa mga espesipikong detalye bakit kapakipakinabang, pinakamataas ang “Nakamtan na technical skills ” na nasa 76.4%, sinundan ng “Disiplina sa lugar ng trabaho” 66.2%, “Karanasan sa pamumuhay sa Japan” 64.0%.




\* Maaaring sumagot ng higit sa isa

# Katayuan sa paghahanap ng trabaho matapos bumalik sa sariling bansa

## Katayuan sa paghahanap ng trabaho matapos bumalik sa sariling bansa


\*"Babalik bilang technical intern training (iii)" ay idinagdag na options mula FY2018.  
 "Babalik sa Japan para sa construction (shipbuilding) designated activities" ay idinagdag na options mula FY2018 hanggang FY2020.  
 "Babalik sa Japan bilang Specified Skilled Worker" ay idinagdag na options mula FY2019. Sa FY2021, ang mga dating trainee na naka-iskedyul na bumalik sa sariling bansa ay hindi kabilang.

Tungkol sa katayuan sa trabaho matapos bumalik sa sariling bansa, 40.0% sa mga sumagot ay "natanggap at nagtatrabaho" (16.3%), "natanggap at naka-iskedyul na magtrabaho" (9.3%), o "nagsimula ng negosyo" na nasa (14.4%). Dagdag pa rito, 25.9% sa mga sumagot ay "naghahanap ng trabaho". Para sa status ng kategorya, tingnan ang p. 9, nasyonalidad, p.10 at kategorya ng training p.11.



## Espesipikong nilalaman ng trabaho

Sa mga sumagot na "natanggap at nagtatrabaho", "natanggap at naka-iskedyul na magtrabaho" o "nagsimula ng negosyo", 64.0% sa mga sumagot ay nagsabing "katulad ng sa training" (42.4%) o "katulad ng uri ng training" (21.6%)




# Mga security deposit

## Mayroon o walang security deposit

\* Ang “mga dating trainee na naka-iskedyul na bumalik sa sariling bansa” ay kabilang sa FY2021.


91.3% sa mga respondent ay sumagot na hindi nila kinailangan ng kahit anong security deposit.



## Refund ng security deposit

\* Ang “mga dating trainee na naka-iskedyul na bumalik sa sariling bansa” ay kabilang sa FY2021.

Tungkol sa katanungan sa refund ng security deposit, 44.5% sa mga respondent ay sumagot na ibinalik ang buong halaga ng idineposito.




\* Ang “Security deposit” ay tumutukoy sa pera, ari-arian, atbp. na idineposito ng trainee o miyembro ng kanyang pamilya sa nagpapadalang organisasyon o nangangasiwang organisasyon, na kung saan magiging kabayaran kapag ang trainee ay tumakas o sa iba pang dahilan. Ito ay hindi utang upang matustos ang mga gastos sa pagpunta sa Japan.

# Pagkakaroon ng mga problema habang naninirahan sa Japan

## Mga ipinagbabawal sa panahon ng training sa Japan

\*"Bawal makipag-date", at "Hindi maganda ang pagtrato dahil sa pagpapakasal, pagbubuntis at panganganak", ay idinagdag sa options noong FY2019.  
 \*Ang "mga dating trainee na naka-iskedyul na bumalik sa sariling bansa" ay kabilang sa FY2021.


96.2% % sa mga respondent ay sumagot na hindi sila pinagbawalan sa anumang aktibidad(kabilang na ang mga hindi sumagot sa tanong). 1.8% na kumakatawan sa pinakamalaking bahagi sa mga ipinagbabawal na aktibidad ay sumagot na bawal ang makipag-date na sinundan ng bawal ang paggamit ng cellphone na nasa 1.5%.




## Mga problema sa panahon ng training

\*Ang "mga dating trainee na naka-iskedyul na bumalik sa sariling bansa" ay kabilang sa FY2021.

Ukol sa katanungan kung nagkaroon ng problema ang mga trainee sa Japan maliban sa komunikasyon sa wikang hapon, 84.5% ay sumagot na "walang problema". Pinaka-espesipikong detalye ay, "Nagkaroon ng problema" dahil sa "nalulungkot at nawalay sa pamilya" na nasa 62.1%.



# Mga naging problema sa panahon ng paninirahan sa Japan



Hanay na malayang makapag-comment (iba pang opinyon)


949 sa 7930 na mga respondent ay nagbigay ng opinyon kabilang na ang mga sumusunod (maliban sa mga nabanggit sa itaas).

- Pakiramdam ko ay exaggerated para sa kumpanya na makisali sa pribadong buhay ng trainee.
- Dahil sa COVID-19, hindi ako makalabas at walang tsansang i-release ang stress.
- Dahilan sa ang proseso ng withholding tax at national pension ay mahirap, kailangan ang indibidwal na suporta at eksplanasyon.
- Nakakalungkot na hanggang sa ngayon ay mababa pa rin ang tingin ng ibang Hapon dahil lang sa ako ay isang teknikal intern trainee.
- Nadama ko na ang halaga ng pera na ibinawas sa mga buwis at iba pa ay mataas para sa paninirahan sa Japan.
- Tungkol sa pagkain, sana naman may naka-display o nakasulat para malaman na ito ay religion-friendly.
- Ang distansya ng kumpanya at tinirhang dormitoryo ay malayo, at hindi maginhawa ang manirahan sa isang lugar kung saan ang pampublikong transportasyon ay hindi mine-maintain ng maayos.

# Employment status matapos bumalik sa sariling bansa (pangkalahatan)

## Employment status matapos bumalik sa sariling bansa

Ukol sa employment status matapos bumalik sa sariling bansa, 40.0% sa mga respondent ay sumagot na “natanggap na at nagtatrabaho”(16.3%), “natanggap at naka-iskedyul na magtrabaho”(9.3%) o “nagsimula ng negosyo”(14.4%). Sa mga respondent na sumagot na “natanggap at naka-iskedyul na magtrabaho” o “nagsimula ng negosyo”, 64.0% ay sumagot na ang kanilang trabaho ay “pareho sa training”(42.4%) o “pareho ng uri ng trabaho sa training”(21.6%).



	FY2021	(FY2020)
Natanggap na at nagtatrabaho	16.3%	(22.8%)
Natanggap at naka-iskedyul na magtrabaho	9.3%	(9.9%)
Nagsimula ng negosyo	14.4%	(18.5%)
<b>Total ng tatlong item sa itaas</b>	<b>40.0%</b>	<b>(51.2%)</b>
Pumapasok sa eskwela	1.2%	(1.6%)
Naghahanap ng trabaho	25.9%	(23.9%)
Babalik sa Japan para sa technical intern training (iii)	4.1%	(5.5%)
Babalik sa Japan para sa specific construction (shipbuilding ) designated activities	0%	(0.4%)
Babalik sa Japan bilang SSW	5.0%	(2.9%)
Walang ginagawa	9.0%	(7.7%)
At iba pa	8.2%	(4.0%)
Walang sagot	6.5%	(2.9%)

	FY2021	(FY2020)
Pareho ng trabaho tulad sa training	42.4%	(46.2%)
Pareho ng uri ng trabaho tulad sa training	21.6%	(15.9%)
<b>Total ng tatlong item sa itaas</b>	<b>64.0%</b>	<b>(62.1%)</b>
Magkaiba ng trabaho sa training	31.2%	(28.4%)
Walang sagot	4.8%	(9.6%)



# Employment status matapos bumalik sa sariling bansa (kategorya ng trabaho)

		Agrikultura	Pangingisda	Konstruksyon	Paggawa ng pagkain	Tela/Damit	Makinarya	At iba pa
Employment status matapos bumalik sa sariling bansa	Natanggap na at nagtatrabaho	25.8%	10.0%	9.8%	14.8%	18.7%	18.5%	14.5%
	Natanggap at naka-iskedyul na magtrabaho	5.9%	8.0%	8.3%	9.5%	10.9%	10.3%	9.7%
	Nagsimula ng negosyo	14.8%	10.0%	14.3%	12.5%	5.4%	13.7%	19.3%
	<b>Total ng tatlong item sa itaas (*)</b>	<b>46.5%</b>	<b>28.0%</b>	<b>32.4%</b>	<b>36.8%</b>	<b>35.0%</b>	<b>42.5%</b>	<b>43.5%</b>
	Pumapasok sa eskwela	1.3%	4.0%	0.8%	0.8%	0.4%	1.7%	1.3%
	Naghahanap ng trabaho	23.7%	28.0%	23.5%	30.6%	24.1%	26.8%	25.0%
	Babalik sa Japan para sa technical intern training (iii)	3.0%	6.0%	8.1%	1.9%	1.2%	4.2%	3.6%
	Babalik sa Japan bilang SSW	4.7%	6.0%	9.0%	6.4%	2.3%	3.6%	4.3%
	Walang ginagawa	6.8%	6.0%	8.7%	10.3%	7.8%	8.5%	10.7%
	At iba pa	6.4%	12.0%	10.0%	6.7%	14.0%	7.6%	7.0%
	Walang sagot	7.6%	10.0%	7.5%	6.4%	15.2%	5.0%	4.6%
Nilalaman ng trabaho	Pareho ng trabaho sa training	50.0%	28.6%	36.6%	38.6%	80.0%	44.2%	31.9%
	Pareho ng uri ng trabaho tulad sa training	30.0%	28.6%	14.5%	30.3%	7.8%	21.7%	23.0%
	<b>Total ng dalawang item sa itaas (*)</b>	<b>80.0%</b>	<b>57.2%</b>	<b>51.1%</b>	<b>68.9%</b>	<b>87.8%</b>	<b>65.9%</b>	<b>54.9%</b>
	Magkaiba ng trabaho sa training	14.5%	42.9%	40.7%	27.3%	8.9%	30.5%	39.9%
	Walang sagot	5.5%	0%	8.1%	3.8%	3.3%	3.6%	5.1%

(\*) Dahilan sa rounding, ang mga numero ay maaaring hindi magkatugma o magkatulad.

# Employment status matapos bumalik sa sariling bansa (nasyonalidad)

		Vietnam	China	Indonesia	Philippines	Thailand
Employment status matapos bumalik sa sariling bansa	Natanggap na at nagtatrabaho	10.1%	26.7%	5.9%	19.5%	18.4%
	Natanggap at naka-iskedyul na magtatrabaho	6.1%	13.8%	5.9%	9.5%	8.1%
	Nagsimula ng negosyo	12.4%	3.4%	33.1%	15.3%	9.0%
	<b>Total ng tatlong item sa itaas (*)</b>	<b>28.6%</b>	<b>43.9%</b>	<b>44.9%</b>	<b>44.3%</b>	<b>35.5%</b>
	Pumapasok sa eskwela	0.8%	0.2%	2.6%	0.0%	4.0%
	Naghahanap ng trabaho	26.6%	26.2%	28.3%	10.5%	25.1%
	Babalik sa Japan para sa technical intern training (iii)	5.8%	0.6%	4.7%	15.8%	5.4%
	Babalik sa Japan bilang SSW	5.9%	1.3%	5.7%	18.4%	8.1%
	Walang ginagawa	10.6%	10.9%	4.2%	4.2%	15.2%
	At iba pa	8.3%	12.1%	5.4%	1.1%	4.0%
	Walang sagot	13.3%	4.8%	4.1%	5.8%	2.7%
Nilalaman ng trabaho	Pareho ng trabaho tulad sa training	43.9%	54.0%	21.3%	44.0%	62.0%
	Pareho ng uri ng trabaho tulad sa training	19.3%	30.5%	13.4%	19.0%	10.1%
	<b>Total ng dalawang item sa itaas (*)</b>	<b>63.2%</b>	<b>84.5%</b>	<b>34.7%</b>	<b>63%</b>	<b>72.1%</b>
	Magkaiba ng trabaho sa training	32.1%	15.0%	55.6%	27.4%	22.8%
	Walang sagot	4.7%	0.6%	9.7%	9.5%	5.1%

(\*) Dahilan sa rounding, ang mga numero ay maaaring hindi magkatugma o magkatulad.

# Employment status matapos bumalik sa sariling bansa (technical intern training)

		i	ii	iii
Employment status matapos bumalik sa sariling bansa	Natanggap na at nagtatrabaho	19.0%	17.6%	11.2%
	Natanggap at naka-iskedyul na magtrabaho	10.2%	9.8%	8.0%
	Nagsimula ng negosyo	10.8%	14.0%	15.1%
	<b>Total ng tatlong item sa itaas (*)</b>	<b>40.0%</b>	<b>41.4%</b>	<b>34.3%</b>
	Pumapasok sa eskwela	1.8%	1.2%	1.2%
	Naghahanap ng trabaho	19.9%	27.6%	24.1%
	Babalik sa Japan para sa technical intern training (iii)	2.6%	4.5%	4.2%
	Babalik sa Japan bilang SSW	5.0%	3.4%	10.4%
	Walang ginagawa	10.8%	8.8%	9.4%
	At iba pa	11.7%	7.3%	8.7%
	Walang sagot	8.2%	5.9%	7.7%
Nilalaman ng trabaho	Pareho ng trabaho tulad sa training	42.3%	43.1%	42.9%
	Pareho ng uri ng trabaho tulad sa training	23.4%	22.9%	17.1%
	<b>Total ng dalawang item sa itaas (*)</b>	<b>65.7%</b>	<b>66.0%</b>	<b>60.0%</b>
	Magkaiba ng trabaho sa training	32.1%	29.3%	34.1%
	Walang sagot	2.2%	4.7%	5.9%

(\*) Dahilan sa rounding, ang mga numero ay maaaring hindi magkatugma o magkatulad.